Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
Division of Laguna
District of San Pedro
San Pedro Central School
SUMMATIVE TEST
FILIPINO-Five

**Name:** ___________________________________________

**Teacher:** _________________________________________

**Basahin ang mga tanong. Bilugan ang tamang sagot sa bawat sitwasyon.**

1. Naglalaro ka nang biglang sabay kang tinawag ng ate at kuya mo upang utusan.
a. Hahayaan ko silang tumawag nang tumawag.
b. Lalapit ako sa kanila at susundin ko ang utos muna ng aking ate.
c. Susundin ko ang inuutos nila pero kakausapin ko sila nang maay-os kung sino ang uunahin ko sa kanila.
d. Lalapit ako sa nanay at magsusumbong.

2. Galing kayo ng nanay sa isang mall. May batang ang umakyat sa sinasakyan ninyong dyip. Pinunasan niya ang iyong sapatos at nanghingi ng barya.
a. Hindi ko siya papansinin.
b. Kakausapin ko ang aking nanay.
c. Sasabihin ko sa nanay na bumaba na kami.
d. Bibigyan ko na lamang siya ng pagkain.

3.Maggagabi na. Inabutan ka ng malakas na ulan. Wala kang dalang payong. Nakita mo ang iyong kapitbahay na may dalang payong.
a. Magsasabi kung puwede makisabay dahil wala kang dalang payong.
b. Ako ay liyak nang malakas.
c. Ipatatawag ko na lamang ang aking tatay o nanay para ako ay sunduin.
d. Hihintayin kong tumigil ang ulan.

4. Umalis ang iyong nanay. Pinagbilin sayo na painumin mo ng gamot ay iyong kapatid na may sakit. Nakalimutan mo itong painumin sa takdang oras. Tinanong ka ng nanay kung nagawa moa ng kanyang ipinagbilin.
a. Sasabihin ko na pinainom ko ng gamot ang aking kapatid para hindi ako mapagalitan.
b. Hihingi ng paumanhin at sasabihin ang totoo.
c. Uunahan ko ng pag-iyak para hindi mapagalitan.
d. Hindi ko papansinin ang aking nanay.

LIVEWORKSHEETS

5. Nakasakay ka na sa serbis mong traysikel. Nang magbabayad ka na, wa-la ang iyong pera.
a. Bababa agad at tatakbo nang mabils.
b. Sasabihin sa drayber na kung maaari ay pag-uwi mo ng bahay ibibigay ang bayad.
c. Sasabihin sa drayber nang pagalit na wala kang pera
d. Iiyak na lamang bigla.

6. Alin sa mga sumusunod ang ginagamit kung magtatanong ka ng lu-gar?
A. Ano C. Sino
B. Saan D. Kailan

7. Aling salita ang gagamitin mo kung nais mong malaman ang petsa ng pasukan?
A. Paano C. Kailan
B. Sino D. Ano

8. Kung nais mong humingi ng dahilan o rason, ano ang angkop na salitang gagamitin mo sa pagtatanong?
A. Bakit C. Paano
B. Ilan D. Sino

9. Ang salitang **Sino** ay sumasagot sa tanong na patungkol sa __________.
A. bagay C. lugar
B. tao D. pangyayari

10. Nais mong alamin ang bilang ng mga taong gumaling sa sakit na COVID-19. Anong salita ang gagamitin mo sa pagtatanong?
A. Magkano C. Gaano
B. Kailan D. Ilan

Basahin mo ang mga pangungusap. Palitan ng panghalip ang pangngalang may salungguhit. Pumili sa kahon at isulat ito sa patlang.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| ako, | ko | ikaw, | ka, | mo | tayo, | natin, | kami, | namin | kayo, | ninyo |
| siya | niya | sila | nila | kanya | atin | akin | Iyo | sila | | |

11. Si Lara ay mahusay gumuhit. ____________ ay laging nagwawagi sa paligsahan.
12. Sina Randy, Lorenz at ako ay magkakapatid. _________ ay nag-aaral mabuti.

LIVEWORKSHEETS

13. Ikaw at si Glenda ang magwawalis ng bakuran. Huwag ______ magtatapon ng basura sa likod- bahay.
14. Naglaro ng patintero sina Aldrin at Ariel. Nauhaw _______ kaya umuwi muna.
15. Si Ellen, Tina , Aila at ako ay nasa ikalimang baitang. Mahilig _________ umawit.
16. "Ate Cita at Ate Lara tawag _________ ng lola."
17. "________ ay may alagang loro," ang sabi ni Orlan.
18." Kuya Dante sa _______ ba ang aklat na ito?' ang tanong ni Lily sa kanyang kuya.
19. Masarap magluto ang nanay ng sinigang na baboy. Paborito _____ ng tatay.
20. "Kailangan ______ ng mahusay na tagaguhit," ang sabi ng patnugot kay Betty

LIVEWORKSHEETS